


**Ang Panukalang Kinatawan para sa mga Etnikong Minorya**

Noong Marso 2012, inatasan ng Home Affairs Department ang International Social Service – Sangay ng Hong Kong (ISS-HK) upang magtatag ng Panukalang Kinatawan para sa mga Etnikong Minorya. Sa ilalim ng panukala, ang ISS-HK ay mag-aayos ng mga koponan ng mga kinatawan na may magkakatulad na sanligan at karanasan upang umabot sa mga grupo ng mga maralitang etnikong minorya sa pandistritong antas sa pamamagitan ng mga pagdalaw sa bahay o pagdalaw sa mga lugar kung saan sila kadalasang nagtitipon.

Ang layunin ay upang maipamahagi ang impormasyon sa mga pangunahing serbisyo para sa mga maralitang grupong ito, magbigay ng magiliw na suporta, pati na rin ang pag-iipon ng mga impormasyon mula sa kanila kung paano nila nailalarawan ang pamumuhay at trabaho sa Hong Kong at sa mga suportang serbisyo na ibinibigay ng gobyerno at ng iba pang mga organisasyon, upang mas maintindihan ang kanilang katangian, mga kalagayan sa pamumuhay at mga hinaharap na hamon sa pakikisalamuha sa lipunan ng Hong Kong at kung paano natin sila mapaglilingkuran at matulungan sa kanilang pakikisalamuha sa lipunan sa sapat na paraan. Kung kinakailangan, ang pagsangguni ay gagawin sa kaugnay na mga kagawaran ng gobyerno o mga organisasyon para sa tiyak na susunod na hakbang. Bilang karagdagan, may isasagawa na mga pagtatanghal at mga pagtatalakay upang maipakilala ang mga mapagkukunan sa komunidad na magagamit upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa serbisyo sa distritong kanilang tinitirahan.

Kung nais mong magparehistro bilang Kinatawan upang makatulong sa mga miyembro ng etnikong minorya sa komunidad, o upang makakuha pa ng karagdagang impormasyon ukol sa panukalang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa
Grupo ng Proyektong Panukalang Kinatawan ng ISS-HK:


| | |
|---|---|
| Address: | 3/F Tak Lee Commercial Building<br>113-117 Wanchai Road, Wanchai, Hong Kong |
| Telepono: | 2864 6707 |
| Fax: | 2508 0207 |
| Facebook: | http://www.facebook.com/ambassadorschemeisshk |
| Website: | http://www.isshk.org/e/customize/ambassador.asp |